Hindi gaya ng Kanyang nilikha, si Allah ay nasa labas ng oras at kalawakan kung saan ang 'sanhi at bunga' ay hindi umiiral. Kaya **si Allah ay hindi 'naging bunga'. Parati Siyang Iiral sa Kanyang Kamahalan at Kalooban.**

***Si Allay ba ay Mayroong anak?***

Si Allah ay May-kakayanan sa lahat ng bagay ngunit Ginagawa lamang Niya ang mga bagay ayon sa Kanyang Kadakilaan at Kaluwalhatian.

***"Lahat ng Papuri ay Kay Allah lamang, na hindi Nagkaanak at walang katambal sa Kanyang pamamahala."*** [Ang Qur'an 17:111]

*"Nagsasalita ba kayo laban kay Allah ng mga hindi ninyo nauunawaan?"* [10:68] *"Balaan yaong mga nagsasabi, 'Si Allah ay nagkaanak."* [18:4]

***Si Isa (Hesus), mapasakanya ang kapayapaan, ay nagsabing, "Katotohanan! Si Allah ay aking Diyos at inyong Diyos, Siya lamang ang inyong sambahin. Ito ang Matuwid na Landas."*** [3:51]

Hindi gaya ng Kanyang nilikha, si Allah ay malaya sa mga pangangailangan. Bakit Niya kailangan ang ating pagsamba? Ang katotohanan ay hindi Niya ito kailangan.

Ang ating pagsamba ay hindi nagpapadagdag sa Kanyang Kamahalan at ang pagpapabaya sa pagsamba ay hindi rin nagpapabawas dito. Ang pagsamba ay isang biyaya mula Kay Allah bilang pagkalinga't gabay tungo sa kaligayahan sa buhay dito at sa Paraiso sa Kabilang-buhay.

Walang pamimilit sa Pamamaraan ni Allah. Ang katotohanan ay malinaw mula sa kabulaanan. Ang pagpili ay nasa iyo upang gawin.

Si Allah ang nakaka-alam sa pinakamabuti.

Ni:
Y Mansoor Marican,
Hafsah Husain Macaraya,
Khairoden Hussien Macaraya.

Tax deductible donation: A/c: Tabung Kebajikan Tunku
A/c No: 105020002899 (Affin Bank Berhad)

ANG ISLAM AY KATOTOHANAN

# Sino si ALLAH?

**[Who is Allah?]**

Si Allah ay galit sa kasalanan, ngunit mahal Niya ang makasalanang nagbabalik-loob sa Kanya at taimtim na nagsisisi.



PERKIM KEBANGSAAN
2016

Sa Ngalan ni Allah,
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

# Sino si Allah?

### *Si Allah ba ay Diyos ng mga Muslim?*

Si Allah ay hindi lamang diyos ng mga Muslim. Si Allah ay Diyos ng lahat ng nilalang sa mundong ito, nakikita man o hindi nakikita.

Tinutustusan ni Allah ang lahat ng nilalang. Ibinibigay Niya ang kailangan ng mga taong sinasamba Siya pati ang mga itinatanggi Siya.

### *Bakit walang mga larawan o rebulto Si Allah?*

Si Allah ay hindi Nakikitang Taga-paglikha. Hindi Siya abot ng pananaw ng tao. Siya ay hindi tulad ng anumang likhang-isip ng tao.

Kaya ang pagguhit ng mga larawan o paggawa ng mga rebulto ng diyos ay hindi makatarungan at malaking kasalanan sa Islam.

**Bakit pa magsasamba ng iba't-ibang kinatawan ng diyos kung kaya mong sambahin ang Isang Tunay na Diyos?**

### *Si Allah ay ginagamitan ng panghalip na "Siya". Siya ba ay isang taong lalaki?*

Ang salitang "Siya, na panlalaki at pambabae" ay kadalasang ginagamit sa maraming wika at ito'y nagbibigay ng maling palagay sa Diyos.

Ang pambabae ng 'Diyos' ay 'Diyosa'. May mga naniniwala na ang Diyos ay may katambal.

Ang pagbibigay ng katambal sa Allah ay isang kamalian at lubhang masakit ang parusa para sa nagsisinungaling hinggil kay Allah.

Ang Kamahalan ay tinatawag ang Sarili na "Allah" sa Qur'an. Ang salitang Arabic na ito ay walang pangmaramihan at wala ring kasarian.

Cover: Filipino flag closeup
Image: ©Mtrommer I Dreamstime.com

Ang Pangngalan ay may "panlalaki" o "pambabae" sa ibang wika. **Si Allah bilang ginagamitan ng panghalip na 'Siya' ay pambalarila lamang.** Kaya Si Allah ay ginagamitan ng 'kasariang panlalaki' subalit Siya ay hindi 'lalaki'.

### *May mga nagsasabing si Allah ay Pag-ibig?*

Ang pagpapababa sa Lumikha ng Kalangitan at Kalupaan sa iisang katangian lamang ay maling paglalarawan sa Kanyang Kamahalan.

Si Allah ay hindi lamang Pag-ibig. Si Allah ay *Al-Wadood* (Ang Pinakamapagmahal sa lahat).

Si Allah ay galit sa kasalanan, ngunit mahal Niya ang makasalanang nagbabalik-loob sa Kanya at taimtim na nagsisisi.

Ang lubos na pagmamahal Ni Allah sa Kanyang nilikha ay sinasalamin ng habambuhay na pagkakataong ibinibigay Niya upang lumayo sa kasalanan at pagsuway at makapamuhay sa Matuwid na Landas ng Islam.

### *Sino ang lumikha kay Allah?*

Nilikha Ni Allah ang oras at kalawakan. Lahat ng Nilikha Niya ay sakop ng oras at kalawakan. Ang 'sanhi at bunga' ay umiiral lamang sa nasasakupan ng oras at kalawakan.

Kung Si Allah ay katulad ng Kanyang Nilikha, nangangahulugan na Siya ay 'naging bunga'.

Sino ang lumikha sa Maykapal? Sagot: Isa pang Maykapal. At sino naman ang lumikha sa Maykapal na ito? Mauuwi lamang tayo sa walang hanggang kalipunan ng mga Maykapal.

Ang problema sa 'walang-hanggan' ay isa itong konsepto na hindi umiiral sa totoong mundo.

PERKIM HQ, +603 40412482, perkim.net.my
150 Jln Sultan Azlan Shah, 51200 Kuala Lumpur